Ebanghelyo ayon kay Mateo 21 : 12 – 14

Nang si Hesus ay makapasok sa Jerusalem, tinanggap Siya ng mga tao habang winawagayway ang pinutol na sanga. Nagtungo si Hesus sa Templo at pinalayas ang mga mamamalit ng salapi at ang nagtitinda ng kalapati. Mga taong bulag at pilay ay pumunta sa Kanya sa Templo at sila'y pinagaling Niya.

Kung minsan ang karamdaman ay may kaugnayan sa isang bagay o sa sinuman sa ating pamilya o kadugo. Ito'y kadalasang nangyayari kapag higit isa sa ating pamilya ay may parehong karamdaman. Si Hesus ay Panginoon ng kasaysayan at panahon. Siya ay makapagbibigay ng kapayapaan at kagalingan sa ating pamilya. Dalawang mainam na aklat ni Dr. Kenneth Mcall :

- Healing the Family Tree

- A Guide to Healing the Family Tree

Hesus, kung may tao man o pangyayari sa aking pamilya na hindi pa 100% mapayapa,
ako'y humihiling sa Iyo ngayon, Panginoon ng Kasaysayan, pumarito Ka at magbigay ng kapayapaan sa lahat.
Para sa aking pamilya, nanalangin ako ngayon kasama ka Hesus : Ama naming sa langit.....